# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija



## MASAGANANG KABUHAYAN SA MODERNONG PAGKAKALABAWAN

ISSN 2507-8933
9 772507 893003 01

**Tomo 5, Blg. 1 | 2020**
Unang Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

**Tomo 5, Blg. 1 | 2020**
Unang Isyu

**PATNUGUTAN**

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC
**Tagapamahalang Patnugot** ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahala ng Isyung Ito** CHARLENE S. JOANINO
**Layout at Ilustrasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, CHARLENE P. CORPUZ, ROVELYN T. JACANG, CHARLENE S. JOANINO, CHRISSALYN L. MARCELO, PAUL ANDREW P. TEXON
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHARLENE P. CORPUZ
**Tagapayo** ARNEL N. DEL BARRIO

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 2nd Floor IEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Telefax: +63 02 8 921-3863 E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09161011561, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09176793349, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238 to 39 • 09178675763, pcc.clsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 053 563-7649 • 09399170673, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 033 323-4781 • 09999916115, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** 09478934794 • 09088139048, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598 • 09199620560, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09101795905, pcc_mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09399169719, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872 • 09206219722, usm_pcc@yahoo.com


# MGA NILALAMAN


3 Proyektong PH-Sokor para sa pagpapaunlad ng *dairy sector*

4 *Teacher* at *Seaman* noon, 'Carapreneurs' na ngayon

8 'Export quality' *ice cream* na may gatas ng kalabaw patok sa Pinas

10 Pagtulong sa kapwa samantalang pinalalaki ang kawan

12 Bunga ng pagtutulungan, aplikasyon ng teknolohiya, inaani na ng CADAFA

16 Kuwento ni Juana

18 ALAB-Karbawan *updates*






**PALIWANAG SA PABALAT**

Makabagong teknolohiya at modernisasyon ang ilan sa mga pinagtutuunan ng pansin ngayon ng DA-PCC upang maiangat ang antas ng produksyon at mapataas ang kita ng mga maggagatas. Ang lundo ng pagsisikap na ito ay upang matamasa ng mga komunidad na nakasandig sa pagkakalabawan ang masaganang kabuhayan.

(LARAWANG KUHA NI ROWENA BUMANLAG)



## PROYEKTONG PH-SOKOR PARA SA PAGPAPAUNLAD NG *DAIRY SECTOR*

NI CHRISSALYN MARCELO

**Sinimulan kamakailan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC), Korea International Cooperation Agency (KOICA) at Hankyong National University (HKNU) ang pagtutulungan para sa proyektong, "Improving Income Generation of Farmers through the Enhancement of the Value Chain Capacity from Milk Production to Sales".**

Ayon kay Dr. In-Sik Nam, tagapangasiwa ng proyekto, layon ng pagtutulungan na makamit ang mga sumusunod: (1) mapabuti ang produksiyon ng mga gatasang kalabaw at kalidad ng mga produkto mula sa gatas nito, (2) makagamit ng magandang teknolohiya sa paggagatas, (3) mapagbuti ang teknolohiya sa malinis at ligtas na pamamaraan ng pagpoproseso ng gatas, (4) mapalakas ang kakayahan ng *dairy value chain*, at (5) mabigyan ng iba't ibang pagsasanay ang mga magsasaka para mapaangat ang antas ng kanilang pamumuhay.


SUNDAN SA PAHINA 7

# TEACHER AT SEAMAN NOON 'CARAPRENEURS' NGAYON

NI **ROVELYN JACANG**
MGA LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**

**Kilala ang bayan ng Alaminos Pangasinan sa dinarayong Hundred Islands National Park. Tampok itong puntahan ng mga turista dahil sa natural nitong ganda.**

---

Dahil sa turismong dulot ng mga isla sa lugar, maraming residente ang nakikinabang sa oportunidad na kumita sa dagsa ng mga turistang nais mamangka sa mga isla na pinaniniwalaang mahigit dalawang milyong taon na.

Sa kabilang banda, ang mag-asawang Manuel at Olivia Palazo mula sa Brgy. San Roque sa Alaminos ay mas piniling magmina na lamang ng "white gold". Nguni't hindi ito isang metal na ginagawang alahas o mga palamuti kundi gatas ng kalabaw na sagana sa protina at iba't ibang bitamina.

"Sa pagkakalabaw madali ang pera, hindi kailangang maghapon magtrabaho kaya mas maraming oras para sa pamilya" ani Olivia. Tunay ngang gumagaan ang anumang gawain kapag ang isang pamilya ay nagtutulungan. Para sa mag-asawa, ang pagkakalabaw ay hindi lamang isang

SUNDAN SA PAHINA 6



# *TEACHER* AT *SEAMAN* NOON... MULA SA PAHINA 4

simpleng hanapbuhay. Bagkus ay nakasanayang gawi na kanilang patuloy na pagyayamanin sa abot ng kanilang makakaya.

## PAGSISIMULA

Nagsimulang magbenta ng gatas ang mag-asawa noong 2013 at gaya ng iba pang *dairy farmers* sa probinsya, mga *crossbred* na dati ay pambukid lamang ang kanilang ginatasan. Nguni't tumamlay ang negosyo ng mag-asawa hanggang sa tuluyan nilang ihinto ang pagbebenta ng gatas.

Sinubukan nila ang ibang negosyo gaya ng pagiging *dealer* ng *sofdrink, distributor* ng *poultry supplies* at pag-alaga ng iba't ibang mga hayop para ibenta. Bagama't natutugunan ng mga negosyong ito ang kanilang mga pangangailangan, naging kapalit nito ang maraming oras at malaking *capital* na kailangan nilang ituon sa negosyo.

Dahil dito, napagdesisyunan ng mag-asawa na bumalik sa paggagatas ng kalabaw.

## BAGONG PAG-ASA

Sa kagustuhan ni Olivia na mabenta ang mga gatas, nag-*display* siya at nag-alok ng gatas sa gilid ng kalsada upang mapansin ng mga nagdadaang motorista. Madali itong napansin ng mga *Indian nationals* na nakatira sa kanilang barangay at karatig lugar. Sa maghapon, kumikita si Olivia ng halagang Php900 hanggang Php1,100.

"Hindi pa sapat ang aming nakukuhang gatas para masuplayan sila *(Indian)*. Kailangan pa namin ng mas maraming gatas" dagdag pa ni Olivia.

Hindi man ganoon kaganda ang kanilang panimula sa *dairy*, hindi nawalan ng pag-asa sina Olivia at Manuel...patuloy pa ring nakikita ang magandang potensyal na dala ng pagkakalabaw. Muling sumigla ang kanilang paggagatas taong 2017 at nagdesisyon silang ibenta ang halos lahat ng alagang hayop para madagdagan ang kanilang alagang kalabaw at tuluyan nang mag-*focus* dito.

**Hindi pinagsisisihan ng mag-asawang Manuel at Olivia Palazo ang pagpapalit ng propesyon. Kahit sapat ang dating kinikita bilang *teacher* at *seaman* sa isang *cargo ship*, para sa kanila, ang pag-iwan sa dating propesyon upang mag-alaga ng kalabaw ay isang napakamainam na desisyon.**

## MABUNGANG PAGSASAMAHAN

Mahalaga ang pagtutulungan sa buhay-pamilya at pagnenegosyo ng mag-asawang Manuel at Olivia. Si Manuel ang nagsasakate ng mga damong pakain habang si Olivia naman ang naghahanda ng mga kalabaw para gatasan.

Bagama't hindi na nagtuturo si Olivia, hindi pa rin maiaalis sa kanya ang likas na pagkahilig sa pagtuturo at pagkatuto. Sa kanilang mag-asawa, si Olivia ang nakatokang dumalo sa mga *seminars* at *training*. Kanya namang ibinabahagi ang kanyang mga natutunan hindi lamang sa kanyang asawa kundi pati na rin sa iba pang nag-aalaga ng kalabaw sa kanilang lugar. Siya ay sinanay ng PCC upang maging *facilitator* ng *Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production* o FLS-DBP. Isa siya sa mga tagapagturo sa kauna-unahang FLS-DBP sa Pangasinan.



## PLANO PARA SA HINAHARAP

Nais ng mag-asawang Palazo na pagdating ng panahon ay magproseso din ng gatas at gumawa ng iba't ibang produkto mula rito at sa karne ng kalabaw. Nais din nilang magtayo ng kahit isang simpleng tindahan para rito. Planonilang magpatayo ng *kitchen type* na pasilidad para sa pagpoproseso ng gatas at karne ng kalabaw.

Ang mga pangarap nilang ito ay hindi lamang para sa ikauunlad ng kanilang sariling pamilya kundi upang mahikayat din ang iba pa na subukan ang negosyo ng paggagatas hindi lamang para sa sailing kabuhayan, kundi para rin makatulong na matugunan ang pangangailangan sa gatas sa kanilang lugar. K

# PROYEKTONG...

MULA SA PAHINA 3

Ayon naman kay EunGyeom Ahn, lider ng *Public Relations (PR) and Information Technology (IT)* ng proyekto, 20 na maggagatas ang magiging benepisyaryo ng proyekto.

"Hinati din namin sa apat na pangkat ang aming grupo para maisagawa ng maayos ang proyektong ito. Ang mga pangkat na ito ay ang mga grupo na tututok sa *dairy production, milk processing, milk hygiene and safety,* at *PR* at *IT*," ani EunGyeom Ahn sa wikang Ingles.

Binubuo ng 14 *Korean volunteers* at isang *field manager* ang grupo ng KOICA.

Ayon naman kay Dr. Arnel Del Barrio, *executive director* ng PCC, manggagaling sa ahensiya ang mga suportang katulad ng pagbabahagi ng mga datos sa *dairy production* at *management*, paglalaan ng opisina para sa mga *KOICA volunteers,* at pagtatalaga ng mga kaagapay sa mga *volunteers*.

"Ang proyektong ito ay sumusuporta sa ikauunlad ng *national dairy program* at nakahanay sa mithiin ng DA na mapataas ang ani at kita ng mga magsasaka," ani Dr. Del Barrio.

Ang proyekto ay tatagal ng 18 buwan. K



# 'EXPORT QUALITY' *ICE CREAM* NA MAY GATAS NG KALABAW PATOK SA PINAS

NI **CHARLENE JOANINO**

**Kung ang hanap ay *ice cream* na sumasalamin sa kultura at panlasang Pinoy na pang-*world class*, tiyak na magugustuhan ang mga produkto ng Magnolia Ice Cream (MIC) – partikular ang dalawang *ice cream lines* nito na "The Best of the Philippines" at "Premium Classic" na may gatas ng kalabaw.**

---

Ayon kay Camille Dimaculangan, MIC *assistant product manager*, taong 1925 nang magsimula ang MIC na magbenta ng *ice cream popsicles* at buhat noon, unti-unting dumami ang produkto nito.

Kalaunan ay nakilala ang MIC sa patok nilang "Magnolia flavor of the month" kung saan kada buwan ay pumipili ang MIC ng *ice cream flavor* na ihahain sa mamimili.

Unang gumamit ang MIC ng gatas ng kalabaw sa kanilang kesong puti *flavor* noong 2013. Ayon kay Joel Galareta, MIC *product development manager*, ibinase nila ang lasa nito sa kesong puti ng Nueva Ecija na may gatas ng kalabaw. Nguni't, ito ay hindi na nasundan pa.

Taong 2018 na nang magdesisyon ang MIC na gumamit ulit ng gatas ng kalabaw sa mga piling produkto nito. Bukod sa layuning mas mapasarap pa ang kanilang produkto, ito rin ay parte ng adbokasiya na matulungan ang mga magsasakang maggagatas ng kalabaw.

"Nais namin na matulungan ang mga magsasaka na magkaroon ng siguradong mapagbebentahan ng ani nilang gatas," paglalahad ni Dimaculangan.

Bumibili ang MIC ng pirming dami ng gatas mula sa PCC, Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives, at isang pribadong *farm*. Tinitipon ang gatas sa planta ng PCC at ipina*pasteurize* saka ipinapasa ng PCC sa MIC.

Upang masiguro ang kalidad ng gatas, direktang kinukuha ng MIC ang gatas sa planta ng PCC sa Nueva Ecija. Inilalagak ang mga ito sa mga *milk cans* at iniimbak sa kanilang planta kasama ng iba pang sangkap ng *ice cream*. Matatagpuan ang planta ng MIC sa Laguna.

Sa ngayon, ang paboritong *flavors* ng *Best of the Philippines line* na tinatangkilik ng *consumers* ay Tablea Yema, Taro White Cheese, at Avocado Macchiato. Ang iba pang flavors nito ay Quezo Mangosteen, Ube Salted Carmel Waffle, Turon Dulce De Leche, Mango Dark Chocolate, at Ube Keso.

Sa Premium Classic *line* naman, ang mga *flavors* ay Avocado, *Pastillas*, at Kesong Puti. Ang mga *flavors* na ito ay piniling patuloy na i-produs ng MIC dahil mula noon hanggang ngayon ay tinatangkilik pa rin ng masa.

"Sa tuwing nag-iisip kami ng *flavors*, isinasaalang-alang namin ang panlasang Pinoy. Kaiba sa kalimitang *flavor*, may 'twist' yung sa'min dahil pinaghahalo namin ang sangkap na 'di mo akalaing masarap pala 'pag magkasama,"ani Galareta.

Dagdag niya, mas lalo pang naging *creamy* at masustansiya ang kanilang *ice cream* lalo't nilagyan ng gatas ng kalabaw. Napansin din niya na may mga sangkap na natutulungan ng gatas ng kalabaw na mas maging malasa kaya mas sumasarap ang *ice cream*.

Taun-taon ay naglalabas ang MIC ng bagong *flavor* na dumadaan sa *sensory assessment* upang masiguro ang kalidad ng kanilang *ice cream*. Ipinatitikim ito at tinitingnan kung ito ay kanilang magugustuhan. Kung mayroong negatibong komento rito ay agad-agad na inaayos o pinapalitan ang isang *flavor*.

Hindi lamang sa Pilipinas ibinibenta ang mga produkto ng MIC kundi ini-*export* din sa Middle East, Singapore, Australia, at Japan. Samantalang kilala ang mga produkto ng MIC bilang San Miguel Gold Label sa US at Canada.


Kabilang ang MIC sa mga saklaw ng Magnolia Inc. na isang *subsidiary* ng San Miguel Food and Beverage Inc. na nasa ilalim ng San Miguel Corporation (SMC). Ang SMC ay pinamumunuan ni SMC President Ramon Ang habang ang MIC ay nasa pamamalakad naman ni Judah Ruiz na siyang *vice president* at *marketing manager* ng Magnolia.



# PAGTULONG SA IBA SAMANTALANG PINARARAMI ANG KAWAN

NI **MA. CECILIA IRANG**
LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**

**Sa edad na 73, aktibo pa rin si Anthony Alonzo ng Parista, Lupao, Nueva Ecija, sa pagganap ng mga tungkulin niya sa pag-aalaga ng kalabaw. Ang kanyang rason: Makaakit sa iba para tularan at maengganyo ring sumuong dito.**



**"Kailangang makita nila na may pag-unlad talaga sa pagkakalabawan at 'yon ang pinatutunayan ko hanggang ngayon kaya ipinagpatuloy ko. Alam ko naman na marami ang makikinabang dito basta magtiyaga lang".**

[ **Anthony Alonzo** *Carapreneur* ]

Para sa kanya, hindi kahit kailan naging hadlang ang edad niya dahil ibayong kagalakan naman aniya ang hatid nito sa kanya kapag nakikita na niya ang magandang resulta ng pinagtrabahuhan niya. Maliban kasi sa dumadaming bilang ng kanyang mga alaga, magaganda rin ang mga pangangatawan nito.

"Mula noong mabago ako ng Panginoon, ang nasa isip ko na lang ay kung paanong mas kumita pa para marami akong matulungan," ani Anthony.

Si Anthony ang *chairman* at *founder* ng Brotherskeepers Multi-Purpose Cooperative (BMPC), isa sa mga inaasistehang kooperatiba ng DA-PCC.

Nagsimula sa tatlong kalabaw lamang na pahiram ng DA-PCC, ngayon ay umabot na sa 45 ang inaalagaang kalabaw ni Anthony. Sa bilang na ito, pito ang ginagatasan at 10 ang buntis.

"Bumibili ako ng paisa-isa. Kung ipagbibili namin 'yong lalaki, papalitan agad ng babae, kasi ang programa ko d'yan ay ang produksyon ng gatas," aniya.

Dalawang beses (5:00 a.m. at 4:00 p.m.) ang paggagatas sa mga kalabaw kung saan nakakukuha sila ng 17kg araw-araw habang naglalaan din sila ng gatas para sa mga bulo. Binibili ang kanilang aning gatas sa halagang Php65 kada kilo ni Melchor Correa, isa sa mga progresibong magkakalabaw sa Nueva Ecija.

Sinisiguro rin niya na tuluy-tuloy ang produksyon ng gatas samantalang inihahanda niya ang pagpapalit sa mga humihina nang magbigay ng gatas. Kapag nanganak ang mga kalabaw, mayroon na siyang mga nakasunod na manganganak ulit na pinalalaki.

## PAGTULONG SA IBA

Ayon kay Anthony, plano pa niyang paramihin ang mga inaalagaang kalabaw para kung halimbawang wala pang *stock* ng kalabaw ang PCC ay siya ang magpapahiram sa miyembro nila na nais mag-alaga ng kalabaw o gustong madagdagan ang inaalagaang kalabaw.

"May *seminar* kami sa PCC na dinaluhan. Ang sabi nila ay maganda ang kinabukasan dito. Ang kailangan lang ay paghandaan, palakihin, at paramihin namin ang kawan. Inaral ko naman. Sinusunod ko lang 'yon kasi tama naman sila, e. Awa ng Diyos, naging maganda naman ang *farm operation* namin kaya marami rin akong natulungan," aniya.

Nagpapaalaga rin siya ng kalabaw sa mga kamag-anak na may kaukulang porsyento kapag naibenta ang kalabaw kung ito ay lalaki. Kung babae naman ang ipaaalaga, ibabalik kina Anthony ang kalabaw kapag maaari na itong palahian habang may katumbas din silang upa sa pag-aalaga.

May anim siyang tauhan sa pag-aalaga ng kalabaw at pagtatanim na natutulungan din niya sa iba't ibang paraan.

"Bukod sa suwelduhan sila, may mga ayuda pa silang natatanggap. Kapag umaani ang aming *fish pond*, may porsiyento din sila. Kapag umani naman sa gulayan, hindi na nila problema ang pagkain," wika niya.

Maliban sa pagiging magsasakang maggagatas, may sarili ring *appliance center business* si Anthony na nakatulong ding magbigay ng trabaho sa mga nangangailangan.

Sa kabila ng mga responsibilidad niya bilang isang negosyante at *chairman* ng kooperatiba, tinitiyak ni Anthony na hindi niya napababayaan ang mga gawain sa pag-aalaga ng kalabaw. Kailangan lamang, aniya, ang tamang pagpaplano at pamamahala ng oras.

## PINAGBUTING PAMAMARAAN

Ilan sa mga pinagbuting pamamaraan ni Anthony at ng kanyang mga tauhan sa pag-aalaga ng kalabaw ay ang pagiging maagap sa pagkokolekta ng dumi ng kalabaw, na iniipon nila sa isang bakanteng lugar at kapag natuyo na ay gagawing organikong pataba para sa mga tanim nilang pakain.

Magkahiwalay ang kulungan ng mga bulo, dumalaga, buntis at ginagatasang mga kalabaw.

Isa rin si Anthony sa gumagamit ng *dashboard*, isang *business tool* na ipinakilala ng PCC para sa pagmomonitor ng kasalukuyang lagay ng negosyo sa pagkakalabaw.

Kapansin-pansin ang malulusog na pangangatawan ng karamihan sa mga alagang kalabaw nina Anthony. Ayon kay Jaime Alonzo, katuwang ni Anthony sa pamamahala ng *farm*, sinisiguro nila na natututukan ang pakain sa mga hayop.

"Tinatantya namin ang kilo ng pakain na katumbas ng timbang nila. Kapag payat naman ang kalabaw, pinapakain namin ng *feed concentrates* at ipinapastol para hayaang manginain ng sariwang damo," ani Jaime.

Bumili rin si Anthony ng *rotavator* para mapabilis ang trabaho sa pagtatanim ng damong *Napier* sa apat na ektaryang lupa. Ito ang pangunahing pinagkukunan nila ng pakain sa mga kalabaw. Maliban dito, nagpapakain din sila ng bagaso ng mais, dayami na may pulot, at legumbre gaya ng ipil-ipil.

Bukod sa lumalaking kawan sa pagkakalabawan, plano rin ni Anthony na magproseso na ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw at maging regular na *supplier* ng gatas sa mga nangangailangan gaya ng *school feeding program*. Para maisakatuparan ito, *target* niya na magkaroon ng 30 ginagatasang kalabaw.

Positibo si Anthony na pangmatagalang gawain ang pag-aalaga ng kalabaw. Buo ang kanyang loob na pagbutihan ito sa kagustuhang maging magandang patotoo sa mga kapwa niya magkakalabaw. Naroon din ang kanyang determinasyon na mabigyang katuparan ang pangarap niya na maging isa sa may pinakamaraming kalabaw at naaaning gatas sa Nueva Ecija.

# BUNGA NG PAGTUTULUNGAN, APLIKASYON NG TEKNOLOHIYA, INAANI NA NG CADAFA

NI **MA. CECILIA IRANG**

MGA LARAWANG KUHA NINA
**CHARLENE JOANINO** AT **CHARLENE CORPUZ**



**Sa kabila ng mga hamon at balakid sa pagsisimula ng programa sa paggagatasan sa Canahay, Surallah, hindi nawala ang pag-asang darating ang panahon na magiging bukal ng gatas ng kalabaw ang lugar na ito—hindi lang sa buong bayan, bagkus ay sa buong South Cotabato.**

Pagkaraan ng apat na taong matiyagang paghihintay, ang pag-asang ito ay nabigyan ng katuparan. Taong 2019, tuluyan na ngang umarangkada ang paggagatasan sa nasabing lugar. Ang pinagmulan ng gatas? Mga alagang kalabaw ng Canahay Dairy Farmers Association (CADAFA).

Isang malaking biyaya kung ituring ni Jimmy Publico, 48, presidente ng CADAFA, at ng kanyang mga kasamahan ang magandang pagbabago sa kani-kanilang mga buhay simula nang tangkilikin nila nang tuluyan ang programa sa pagkakalabaw.

Nguni't gaya ng karamihan na nagsisimula pa lamang sa bagong-subok na gawain, inamin din niya na hindi naging madali ang lakbayin nila sa programa.

Naging posible at abot-kamay, aniya, ang mga ganansiyang tinatamasa nila ngayon dahil na rin sa pakikipagtulungan at ugnayan sa University of Southern Mindanao (DA-PCC@USM), lokal na pamahalaan (LGU) ng Surallah, South Cotabato, at Municipal Agriculture Office.

## NAPAGTAGUMPAYANG HAMON

Naorganisa at narehistro ang CADAFA na may 32 miyembro sa tulong ng PCC@USM noong 2013. Ang pangunahing naging basehan para sa pagtanggap ng mga miyembro ay ang pagkakaroon nila ng *crossbred* na kalabaw bilang kanilang *capital build-up*.

Sa mga personal na kadahilanan, 14 lamang ang naging aktibo na sumali sa programa sa pagkakalabaw. Taong 2015 nang mapahiraman sila ng 14 na *Italian Mediterranean Buffaloes* ng PCC@USM.

Sa simula, maraming pagsubok ang pinagdaanan ng mga miyembro. Ilan sa mga problema ay hindi lahat ng kalabaw na naipahiram ay magaganda ang pangangatawan at hindi rin kaagad nabubuntis dahilan para ang ibang mga miyembro ay mapanghinaan ng loob at magsauli ng kalabaw.

Ayon kay Raquel Bermudez, *community organizer* ng PCC@USM, kaagad nilang inaksyunan ang mga problemang kinaharap ng mga miyembro patungkol sa *breeding* ng mga kalabaw. Nagsagawa sila ng *artificial insemination* (AI) at buwanang pagmomonitor nguni't hindi pa rin nabuntis dahil mahirap obserbahan ang paglalandi ng kalabaw.

Samantala, isang alternatibong pamamaraan ng pagpapalahi, na hindi kailangan ang *heat detection*, ang isinagawa ng Reproduction and Physiology Section (RPS) ng DA-PCC sa pangunguna nina Dr. Edwin Atabay at Dr. Eufrocina Atabay, parehong *Scientist I*.

Ito ay ang "Fixed Time AI (FTAI)". Ayon kay Dr. Edwin, nakatakda ang oras ng pagsasagawa ng AI at tinitiyak dito na mangyayari ang *ovulation* sa inaasahang oras kaya't mataas ang *pregnancy rate* ng kalabaw.

Taong 2016, nagtungo ang grupo nina Dr. Edwin para isagawa ang FTAI sa mga kalabaw sa CADAFA. Walong kalabaw ang nakapasa para sa pagsasagawa ng FTAI at anim sa mga ito ang nabuntis.

Matapos manganak ng mga kalabaw ay nagsimula na itong magbigay ng gatas noong 2017 nguni't karamihan sa mga miyembro ay nag-alinlangan na gumatas dahil naaawa sila sa bulo at walang siguradong merkado noon para sa gatas na makokolekta nila.

Para naman sa *rebreeding* ng mga kalabaw sa CADAFA, isa ring alternatibong paraan ng pagpapalahi pero mas abot-kaya ang inaplay noong 2018 base sa pag-aaral ("Enhancing Prostaglandin-Based Estrus Synchronization (ES) Protocol for AI in Water Buffaloes") na isinagawa nina Dr. Edwin at ng kanyang *research team*. Ito rin ay kilala sa tawag na "Enhanced AI".

Ayon kay Dr. Edwin, sa pamamaraang ito, tuturukan ng *hormone [prostaglandin]* ang mga kalabaw na hindi buntis at may *corpus luteum* na nasa isang lugar at sa ikatlong araw ay seserbisyuhan ng unang AI (sa umaga) at tuturukan ng hCG *(ovulatory hormones)*. Pagkaraan ng walong oras (sa hapon) ay magsasagawa ng *follow-up* o ikalawang AI.

Ang aplikasyon ng nasabing estratehiya ay tinutukan at pinangunahan ni Nasrola Ibrahim, *carabao-based enterprise development coordinator* at *AI technician* ng PCC@USM para sa pagpapabuntis muli ng mga kalabaw sa Canahay.

Hindi nagtagal, nagbunga ang kanilang pagtitiyaga at masinsinang pagtutok sa mga hayop—sunud-sunod na nabuntis ang mga kalabaw, nanganak, at nagbigay ng gatas.

## PAG-UNLAD

Taong 2019, tuluyan nang naresolba ang problema sa *breeding* sa mga kalabaw dahil sa aplikasyon ng teknolohiya, gumanda rin ang katawan ng mga ito dahil na rin sa mga *planting materials* na ipinamahagi ng PCC@USM kung kaya't naisaayos ang paraan ng pagpapakain.

"Pinapaintindi natin sa kanila na itong programang ito ay hindi para sa'tin bagkus ay para sa kanila. Kahit anong gawin natin kung hindi nila aalagaan ng maayos at babantayan ang *breeding* at hindi sila maggagatas, walang mangyayari. Kailangan tutukan sila para may magandang *output*," ani Ibrahim patungkol sa mga magsasakang maggagatas.

Si Yolanda Paches, 58, ang miyembro na kaagad ginatasan ang kalabaw matapos itong unang mabuntis at manganak noong 2017. Noong 2019 ay nakakolekta siya ng kabuuang

**SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA**

# BUNGA NG PAGTUTULUNGAN... MULA SA PAHINA 13

1,034 litro ng gatas. Sa kasalukuyan, nakakukuha siya ng 7 litrong gatas mula sa dalawang kalabaw. Aniya, sa limang araw ay kumikita siya ng mahigit Php3,000 sa benta lang ng gatas.

Maraming miyembro ang nahikayat at sumunod kay Yolanda sa paggagatas. Isa rito si presidente Jimmy na, aniya, ay malaki ang naging tulong ng kita sa gatas para mapagtapos niya ng pag-aaral ang dalawa niyang anak na may mga kursong *Bachelor of Science in Agriculture* at *Hotel and Restaurant Management*.

Aniya, nanumbalik ang interes ng mga miyembro sa programa at may mga nais pang magpamiyembro nang makita ang pagbabago sa buhay nila. Sa kasalukuyan, 30 ang miyembro ng CADAFA at 11 rito ang gumagatas. Nasa 36 naman ang bilang ng inaalagaan nilang kalabaw kung saan lima ang buntis at siyam ang ginagatasan.

Base sa talaan ng PCC@USM, noong 2019 ay umabot sa 8,655 litro ang produksyon ng gatas ng CADAFA. Higit itong mas mataas kumpara sa tinarget nitong 3,000 litro.

"Sa katunayan, sobrang swerte namin na suportado kami ng PCC at LGU. Bilang ganti, aalagaan naming mabuti ang mga kalabaw para mapanatiling maganda ang *performance* nila at tuluy-tuloy ang gatas," ani Jimmy.

## SUPORTA AT PAGTUTULUNGAN

Ayon naman kay PCC@USM *Center Director* Benjamin John Basilio, ilan sa mga dahilan kaya umunlad ang CADAFA ay dahil noong nagkaroon ng problema sa simula ay hinamon niya ang mga miyembro at binigyan ng huling pagkakataon para ma-*improve* ang sistema nila ng pag-aalaga. Patuloy rin ang pagbibigay nila ng suporta at kinakailangang *interventions*.

"Pagkaraan ng dalawang taon, noong ipinakita ulit sa'kin 'yong mga kalabaw, talagang nag-*improve*, may mga buntis at may nanganak na," ani Dir. Basilio.

Bilang karagdagang suporta, maliban sa mga *seminars, trainings*, at *technical assistance*, nagbigay ng pondo na Php125,000 ang PCC@USM para sa pagpapatayo ng *milk collection center* ng CADAFA.

"May mga miyembro na emosyonal kapag tatanungin mo 'yong naging tulong sa kanila ng programa kasi mula sa puso talaga 'yong pagpapatotoo nila. Nasaksihan at naranasan talaga nila ang mga pakinabang at magandang naidulot ng pagkakalabaw sa kabuhayan nila," wika niya.

Katuwang ng PCC sa pagbibigay ng suporta sa CADAFA ang LGU ng Surallah. Isang makabuluhang ugnayan ang naging sanhi para tuluyang umunlad ang nasabing asosasyon.

Ang bayan ng Surallah ay may mga barangay na natukoy kung saan mataas ang insidente ng *malnutrition*. Isang *foundation* ang nakipag-ugnayan sa munisipyo para sa *feeding program* at isa sa mga iminungkahi ni Surallah Mayor Antonio Bendita na isama sa *menu* ang pagpapainom ng gatas na kung saan ang magiging *supplier* ay ang CADAFA.

Maliban dito, magsasagawa rin ng pagsasanay sa *cheesemaking* at *value-adding* ng gatas ng kalabaw para sa mga kababaihan ng CADAFA. Nagbigay pa ng pondo na Php500,000 ang munisipyo para sa pagpapatayo ng *milk processing* at *display center*, na inaasahang matatapos ngayong taon.

Kabilang din sa mga suporta ng LGU sa CADAFA ay ang pagha-*hire* ng isang *artificial insemination technician* at *veterinarian* na si Dr. Harold Eslabon, na siyang nagmomonitor sa kalusugan ng mga kalabaw at iba pang hayop sa Surallah at pagbibigay ng *freezer* at iba pang mga kaugnay na kagamitan.

Dahil sa pagtangkilik sa programa sa paggagatasan, nagdeklara ng mga barangays si Mayor Bendita na mapapabilang sa "Dairy Zone". Ang mga ito ay Canahay *(pilot area)*, Buenavista, Colongulo, Little Baguio, Moloy, Duengas, Talahik, at Upper Sepaka. Ito ay sa pakikipagtulungan nila sa PCC@USM dahil ito ang magbibigay ng mestisang kalabaw o *crossbreds* sa mga barangay na nabanggit sa ilalim ng *family module* nito.

**Bumuhos ang gatas sa Canahay at nagkaroon na rin ng regular na *market* dahil binibili ni Mr. Dominic Paclibar ng M'lang, North Cotabato sa halagang Php75 kada litro ang gatas na naaani ng mga miyembro. Isa rin si Paclibar sa inaasistehang maggagatas ng PCC@USM.**

**"Kailangan maiprograma natin na hindi mahihinto 'yong manganganak–laging may buntis na kalabaw para hindi mahihinto ang produksyon ng gatas. Kapag napanatili natin na maayos ang programa, ang dulong layunin ay maging *agri-tourism site* ang CADAFA".**

[ **Hon. Antonio Bendita**
*Mayor, Surallah, South Cotabato* ]

Isa rin sa punong-abala sa pagtutok at pagsuporta sa CADAFA ay si *Municipal Agriculturist* Loel Nillos kasama niya ang *focal person* sa *dairy production* na si Rosalino Ligahon Jr.

Ibinahagi ni Nillos ang iba pang mga plano ng LGU para sa CADAFA. Kabilang sa mga ito ay maging *learning site* ang CADAFA na akreditado ng Agricultural Training Institute at ang marehistro ito at mga produkto nito sa Food and Drug Administration.

"Gusto namin na hindi na masyadong nakaasa sa PCC. Para ma*sustain* namin 'yong programa, plano rin na magdagdag ng *AI technicians* at para sa *upland development program* naman namin ay ang pagtatanim ng mga *forage grasses* para mapagkunan ng pakain sa mga kalabaw," aniya.

Samantala, ang punong barangay ng Canahay na si Rita Escorido ay buo rin ang suporta sa programa dahil naranasan din niyang kumita sa pamamagitan ng paggagatas dahil sa asawa niyang si Reynante, *vice president* ng asosasyon.

Isang biyaya ngang maituturing ang nangyaring pagtutulungan sa pagitan ng asosasyon, lokal na pamahalahaan, at ahensiya ng gobyerno. Dahil dito, kaakibat ang dedikasyon ng mga miyembro at paggamit ng teknolohiya, ang CADAFA ay isa ngayon sa itinuturing na pinakaprogresibong asosasyon ng magkakalabaw sa buong South Cotabato.






# KUWENTO NI JUANA

NI **CHARLENE JOANINO**
LARAWANG KUHA NI **ROWENA BUMANLAG**

**Upang kilalanin ang mahalagang papel at ambag ng kakabaihan sa industriya ng gatas at ipagdiwang din ang "2020 National Women's Month" ngayong Marso, ibinabahagi ng DA-PCC ang kuwento ni Emily Velasco. Siya ay isa sa mga *carapreneurs* na inaasistehan ng ahensiya sa San Jose City, Nueva Ecija.**

Ilang taon na ang lumipas nang suungin ni Emily Velasco, 56, ng Villa Joson, San Jose City, ang mga negosyong salig sa pagkakalabaw. Ang kanyang sipag at tiyaga ang naging susi upang makamit niya ang parangal bilang "Modelong Juana sa Kalabawan" noong 2017 na iginawad ng PCC.

Kaakibat nito, kanyang pinatunayan na ang *carapreneurship* o pagnenegosyo sa tulong ng kalabawan ay maaaring gawin ng kahit na sino at hindi hadlang ang kasarian o ano pa man upang umasenso.

"Ang mga babae ay hindi pahuhuli pagdating sa industriya ng gatasan. Hindi natin dapat hayaan na maging dahilan ang ating mga limitasyon para hindi magtagumpay,"ani Emily.

Pumalaot si Emily sa paggagatas upang makatulong sa pampinansiyal na pangangailangan ng kanyang pamilya. Tulad ng marami, kinailangan niyang pag-aralan ang pag-aalaga ng kalabaw.

Sumali si Emily sa Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative (SIPBUPCO) kung saan nagsilbi siyang sekretarya nito sa loob ng apat na taon. Kabilang si Velasco sa mga miyembro ng SIPBUPCO na naging benepisyaryo ng gatasang kalabaw sa ilalim ng "25 Dairy Cow Module" ng PCC.

Siya pa lamang noon ang nag-iisang babaeng maggagatas na miyembro ng SIPBUPCO. Taong 2012, napasama siya sa *Board of Directors* ng nasabing samahan. Siya ay naging tagakolekta naman ng gatas mula sa mga miyembro ng koop simula ng maging *multi-purpose cooperative* ito.

Sa kasalukuyan ay mayroon nang walong kalabaw si Emily at tatlo rito ay pahiram ng PCC. Nakalagak ang mga ito sa kaniyang dalawang ektaryang lupain sa Villa Joson. Nandito rin ang kawan at taniman ng damong pakain para sa kaniyang mga alaga.

Katulong niya sa pagkakalabaw ang kaniyang asawa na isang empleyado sa San Jose City. Naranasan nilang kumita ng Php1,000 araw-araw buhat sa pagbebenta ng 10 litrong gatas mula sa isang kalabaw lamang. Kanilang ipinagbili ang gatas sa halagang Php60 kada litro.

Ani Velasco, ang perang kaniyang kinikita sa paggagatas ay sapat na para sa pangangailangan ng kanyang pamilya at mas malaki kung ikukumpara sa suweldo ng kanyang asawa. Kung kaya't nilayon niyang pag-igihan ang pag-aalaga sa kaniyang mga kalabaw gayundin ang pagbalanse niya ng oras para sa kaniyang pamilya at mga gampanin sa koop.

Bukod sa paggagatas ay kumikita rin si Emily sa iba pang paraan sa tulong ng mga alaga.

"Sa panahong 'di inaasahang may pangangailangan sa pera, ibinebenta ko ang ilan sa aking mga kalabaw. Ito ay lubos na nakatulong para matustusan ko ang pag-aaral ng aking panganay na anak, na ngayon ay isa nang *civil engineer*," pagbabahagi ni Emily.

Isa pang pinanggagalingan ng kita ni Emily ay *vermicomposting.* Ang nasabing teknolohiya ay gumagamit ng dumi ng kalabaw at bulateng African Night Crawlers para sa produksyon ng organikong pataba na "vermicompost". Kada dalawang buwan ay nakakokolekta si Velasco ng 10 sako ng pataba mula sa kaniyang bakuran na kanyang naipagbibili sa halagang Php2,500.

Ang kaalaman ni Emily sa naturang teknolohiya ay kaniyang natutunan sa Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) na kanyang nilahukan noong 2016. Ang FLS-DBP ay isang pagsasanay na isinasagawa ng PCC.

Saklaw ng FLS-DBP ang iba't ibang teknolohiya at pamamaraan sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw maging ang mga negosyong salig dito na maaaring pagpilian ng mga magsasaka base sa kanilang pangangailangan.

"Mainam mag-alaga ng kalabaw ang mga kababaihan lalo't natural kaming mapag-alaga. Kung natututukan ang kalabaw mas maraming biyaya ang ibibigay nito," ani Emily.

Sa hinaharap ay pangarap ni Velasco na mas maparami pa ang kanyang mga kalabaw at magproseso na rin ng mga produktong may gatas. Kaya naman, noong ika-27 hanggang ika-28 ng Pebrero ay dumalo siya at ang ilang mga miyembro ng kanilang koop sa pagsasanay na isinagawa ng PCC ukol sa pagpoproseso ng mga produktong may gatas ng kalabaw. K



**Si Emily ay hindi lamang isang modelo pagdating sa pagiging tapat na katekista, mabuting asawa at ina sa kanyang asawa at mga anak kundi pati rin bilang isang matagumpay na *carapreneur.***

# ALAB KARBAWAN UPDATES

NINA **CHRISSALYN MARCELO AT PAUL ANDREW TEXON**

**Kabi-kabilang pakikipagtulungan, pagsasanay sa magsasaka, pagpapamahagi ng kalabaw, at pagtitindig ng *milk processing plant* at *marketing outlet* sa iba't ibang bahagi ng bansa ang tuluy-tuloy na isinasagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa ilalim ng proyekto nitong ALAB-Karbawan na sinimulan nitong isagawa noong 2019.**


Ayon sa DA-PCC, ang salitang "ALAB" sa ALAB-Karbawan ay isang acronymn na ang ibig sabihin ay ***Accelerating Livelihood Assets Buildup*** samantalang ang salitang "Karbawan" naman ay salitang mula sa Visayas at Mindanao na ang ibig sabihin ay "pagkakalabawan".

Layon ng proyektong ito na masigurado ang paglalatag ng ***Carabao-based Business Improvement Network (CBIN)*** sa 17 *sites* o lugar na matatagpuan sa 16 na probinsiya sa Pilipinas at inisponsoran ni Sen. Cynthia Villar.





## PROJECT SITES

- Ilocos Sur
- Pangasinan
- Tarlac
- Bataan
- Albay
- Palawan
- Negros Oriental
- Antique
- Zamboanga del Sur
- Zamboanga del Norte
- Misamis Oriental
- Davao Del Sur
- Davao de Oro
- Davao Oriental
- South Cotabato
- North Cotabato




### NABUONG KOLABORASYON O PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA KOOPERATIBA AT *LOCAL GOVERNMENT UNITs (LGUs)*


Mula sa 17 kooperatiba at 17 na LGUs na *target* ng proyekto, 16 na kooperatiba at 16 na LGUs na ang naging *partners* ng DA-PCC.




### PAMILYANG NAGING KASANGKOT SA PROYEKTO

Mula sa 340 pamilya na *target* ng proyekto, mayroon nang 187 pamilya ang naitalang naging kasangkot sa ALAB-Karbawan.

Sa bilang na ito, 158 na magsasakang miyembro ng pamilya naman ang naitalang nabigyan na ng pagsasanay sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.




### NAIPAMAHAGING KALABAW

Mula sa 840 kalabaw na *target* na maipamahagi sa mga kliyenteng magsasaka, mayroon nang 457 na kalabaw ang naipamahagi ng DA-PCC. Sa bilang na ito 440 ang babaing kalabaw at 17 naman ang bulugang kalabaw.

Ayon pa sa datos, 55 na kalabaw mula rito ang buntis na, samantalang pito naman ang nagagatasan na ng mga magsasaka.

Mayroon na rin na **dalawang *processing plant*** at **apat na *market outlets*** ang naitindig sa ilalim ng proyekto. Ang mga ito ay matatagpuan sa Dinalupihan, Bataan at Asingan, Pangasinan.

Maliban dito, inaasahan din na sa 3rd *quarter* ng 2020, magkakaroon ng **212,303 na mga bata na magiging benepisyaryo ng *milk feeding program*** at **Php249,738,563 na halagang kikitain sa gatas ng kalabaw.**

Ilan pa sa *target* ng proyekto ay ang pagkakaroon ng **82,733kg na produksiyon ng gatas sa 4th *quarter* ng 2020, kita mula sa gatas na aabot sa Php4M *(raw milk)* at Php12M *(value-added)*, pagkakaroon ng 17 *qualified suppliers* para sa *milk feeding program* at may 100 na kababaihan na magnenegosyo sa gatas ng kalabaw.**


VALUE INNOVATIONS:
NEW THINKING
IN CARAPRENEURSHIP
fresh
MILK
PASTEURIZED AND HOMOGENIZED
CARABAO'S MILK
1000ml
per 200ml serving size
SHAKE WELL
BEFORE SERVING
KEEP REFRIGERATED
AT 0° TO 4°C
PCC IS CELEBRATING 27 YEARS WITH A BRAND NEW PERSPECTIVE
MILKA KREM
FRESH & NATURAL